| | |
|---|---|
| **Kagawaran ng Katarungan ng California**<br>**DIBISYON NG MGA SERBISYO SA IMPORMASYON NG KATARUNGAN**<br>**Chris Cademarti, Gumaganap na Hepe/CIO** | ***INFORMATION BULLETIN*** |

| *Paksa:* | *No.* | *Impormasyon para sa pakikipag-ugnayan:* |
|---|---|---|
| Update na Gabay sa Database ng Value's Act ng California | 23-01-CJIS<br>*Petsa:* 10-27-2023 | Client Services Program<br>dojcsp@doj.ca.gov |

**PARA SA: LAHAT NG HEPE NG PULISYA, SHERIFF, at EXECUTIVE NG MGA AHENSYANG NAGPAPATUPAD NG BATAS NG CALIFORNIA**

Ang Information Bulletin (IB) na ito ay nagbibigay ng updated na gabay sa estado ng California at lokal na mga ahensyang nagpapatupad ng batas (sama-samang tinatawag na mga California LEA) tungkol sa pamamahala ng mga database sa ilalim ng Senate Bill (SB) No. 54 (De León; 2017-2018 Regular Session) ("ang Values Act" o SB 54) at pandagdag sa nakaraang IB 18-10-CJIS. Sa partikular, nagbibigay ang IB na ito ng updated na gabay tungkol sa mga partikular na database upang matiyak na limitado ang impormasyon para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon hanggang sa ganap na magagawa at naaayon sa batas ng pederal at pang-estado. Lubos na hinihikayat ang mga LEA ng California na suriin at i-update ang kasalukuyan nitong mga patakaran sa pamamahala sa database na naaayon sa patnubay na ito at sa IB 18-10-CJIS.

## 1. MGA OBLIGASYON SA ILALIM NG SB 54

Tulad ng mas ganap na tinalakay sa IB 18-10-CJIS, pinapaalalahanan ang mga LEA ng California na napapailalim sa ilang pagbubukod na inilarawan sa ibaba, ipinagbabawal ng SB 54 ang mga LEA ng California na magbigay ng personal na impormasyon tungkol sa isang indibidwal para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon, kabilang ang, pero hindi limitado sa, address ng tahanan o ng trabaho. (Gov. Code, § 7284.6, subd. (a)(1)(D) [idinagdag ang diin].) Ang ibig sabihin ng "Personal na impormasyon" ay "anumang impormasyong pinapanatili ng isang ahensya na nagpapakilala o naglalarawan sa isang indibidwal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kanyang pangalan, numero ng social security, pisikal na paglalarawan, address ng tahanan, numero ng telepono ng tahanan, edukasyon, usaping pinansyal, at medikal na kasaysayan o kasaysayan ng pagtatrabaho . . . ." (Civ. Code, § 1798.3, subd. (a).)

Hindi pinagbabawalan ng SB 54 ang mga California LEA na makipagpalitan ng impormasyon tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng isang tao sa mga pederal na awtoridad sa imigrasyon. (Gov. Code, § 7284.6, subd. (e), sinipi ang 8 USC §§ 1373, 1644.) Ang pagbubunyag ng lahat ng iba pang personal na impormasyon na hindi sumasaklaw sa impormasyon tungkol sa pagkamamamayan o katayuan ng imigrasyon ng isang tao, kabilang ang address ng tirahan o ng trabaho ng isang tao, ay hindi maaaring ibunyag maliban kung ang impormasyong iyon ay:

> (1) available sa publiko; (2) ibinigay bilang tugon sa isang kahilingan mula sa mga awtoridad sa imigrasyon para sa impormasyon tungkol sa kriminal na kasaysayan ng isang partikular na tao, kabilang ang mga nakaraang kriminal na pag-aresto, paghatol, o katulad na impormasyon sa kriminal na kasaysayan na na-access sa pamamagitan ng California Law Enforcement Telecommunications System (CLETS), kung saan pinahihintulutan ng batas na pang-estado; o (3) kumpidensyal na impormasyong ibinahagi bilang parte ng magkasanib na puwersang nagpapatupad ng batas kapag, bukod sa iba pang bagay, ang pangunahing layunin ng task force na iyon ay hindi pagpapatupad ng imigrasyon.

(Gov. Code, § 7284.6, subd. (a)(1)(D) at (b)(2), (3).)[1]

1 Maaaring ipagbawal ng ibang batas ang pagbabahagi ng kumpidensyal na data sa panahon ng pinagsamang pagsisiyasat, ngunit lampas ang mga ito sa saklaw ng bulletin na ito.

## 2. PAG-ACCESS NG DATA MULA SA CA DOJ O SA PAMAMAGITAN NG CLETS

Bilang tugon sa isang ulat na ibinigay ng California State Auditor,[2] ang mga California LEA na nag-a-access ng data mula sa CA DOJ o sa pamamagitan ng CLETS, at/o nagpapahintulot sa ibang ahensya na ma-access ang data na ito, ay pinapaalalahanan na dapat nilang tiyakin na sumusunod ang anumang naturang pag-access sa mga limitasyon sa pagbabahagi ng impormasyon na itinakda sa SB 54. Tinutukoy ang mga data at database sa ibaba upang maaaring gumawa ng hakbang ang mga LEA ng California upang pamahalaan ang paggamit ng impormasyon sa hindi kriminal na kasaysayan na maaari nilang i-download at i-access upang matiyak na sumusunod ang pag-access sa mga limitasyon sa pagbabahagi na itinakda sa SB 54.

### Pag-access sa National Crime Information Center (NCIC) License Plate Data Extract File ng FBI

Maaaring ma-access ng mga awtorisadong ahensyang nagpapatupad ng batas ang license plate data sa sistema ng NCIC ng FBI. Upang ma-access ang extract na ito sa pamamagitan ng Secure File Transfer, dapat magkaroon ang California LEA sa isang Memorandum of Understanding (MOU) kasama ang CA DOJ. Idinidetalye ng MOU ang mga kinakailangan para sa paggamit, kabilang ang nasa itaas na SB 54 na kinakailangan ayon sa batas, pati na rin ang pagtiyak na responsable ang Ahensya sa paggamit ng data ng NCIC para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas lamang. Inaatasan din nito na ma-update ang mga lokal na database habang nagiging available ang mga update ng FBI, na tinitiyak na ang mga numerong iyon na tinanggal mula sa sistema ng NCIC ay tatanggalin din mula sa lahat ng mga lokal na database.

Bukod pa rito, binabalangkas ng MOU ang mga partikular na kinakailangan upang matugunan ang pagiging kumpidensyal, paggamit ng impormasyon, pagmamay-ari ng data at seguridad ng impormasyon. Kung interesado ang iyong ahensya na mabigyan ng pahintulot na makuha ang license plate data ng NCIC, makipag-ugnayan sa dojcsp@doj.ca.gov.

### Pag-access sa License Plate Data ng CA DOJ

Maaaring kumuha mga LEA ng California nga license plate data mula sa CA DOJ upang magamit lamang para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas. Gumagawa ang DOJ ng tatlong file na naglalaman ng license plate data na available para ma-download ng mga awtorisadong California LEA sa pamamagitan ng website ng California Law Enforcement Web (CLEW) sa https://clew.doj.ca.gov. Ang mga file na ito ay ang SVS Stolen Vehicles Table, SVS Felony Vehicles Table at SVS Stolen License Plates Table (sama-samang tinutukoy bilang “SVS download”).

Upang makatanggap ng pahintulot na ma-access ang mga file na ito, dapat kumpletuhin ng mga ahensya ang form ng Kasunduan sa Paggamit ng Pag-download ng License Plate Data ng CLEW at i-email ito sa dojcsp@doj.ca.gov. Ang e-mail ay dapat na pinasimulan ng pinuno ng ahensya (hal., Sheriff, Police Chief), coordinator ng CLETS ng ahensya, o punto ng pakikipag-ugnayan sa seguridad ng ahensya, at isama ang IP address ng California LEA na nakaharap sa publiko sa CLEW License Plate Data Usage Agreement form. Kapag pinahintulutan ang isang ahensya, papayagang i-download ang mga nabanggit na SVS Table sa itaas. Dapat ding sumunod ang mga ahensya sa Mga Tuntunin at Kundisyon ng User sa CLEW, na kinabibilangan ng abiso tungkol sa SB 54 at ang paghihigpit sa paggamit ng impormasyon sa hindi kriminal na kasaysayan para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon.

Kahit na ang pagbabahagi ng license plate data ay maaaring para sa isang pinahihintulutang layunin sa ilalim ng SB 54, dapat malaman ng lahat ng ahensya na mayroong mahigpit na limitasyon sa privacy sa pagbabahagi ng license plate data reader sa ilalim ng Senate Bill (SB) No. 34 (Hill; 2015). -2016 Regular Session) (SB 34), at dapat sumangguni sa Bulletin #XXXX bago gumawa ng anumang pagpapasiya sa pagbabahagi ng naturang impormasyon.

---

2 Available ang buong ulat sa https://www.auditor.ca.gov/reports/2019-118/index.html.

**Na-download na Data mula sa California Law Enforcement Website (CLEW)**

Bukod sa mga file na nabanggit sa itaas, maaaring mag-download ng iba pang file ng data mula sa CLEW ang California LEA, kabilang ang mga file ng Nawawalang Tao. Ang pag-download at paggamit ng data ay dapat na sumusunod sa SB 54. Ayon sa nabanggit sa itaas, dapat ding sumunod ang mga ahensya sa Mga Tuntunin at Kundisyon ng User sa CLEW, na kinabibilangan ng abiso tungkol sa SB 54 at ang paghihigpit sa paggamit ng impormasyon sa hindi kriminal na kasaysayan para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon.

**Pag-access sa Impormasyon sa pamamagitan ng CLETS**

Gaya ng nabanggit sa IB 18-10-CJIS, at naaayon sa batas ng pederal at estado, kailangang tiyakin ng mga LEA ng California na ang impormasyon sa hindi kriminal na kasaysayan na nasa loob ng mga database na na-access sa pamamagitan ng CLETS, iba pang sistema ng impormasyon ng hustisyang pangkrimen ng DOJ, pati na rin ang mga indibidwal na LEA ng California ay hindi dapat gamitin ang mga database para sa layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon.

Bilang karagdagan sa IB 18-10-CJIS, ang CLETS Policies, Practices and Procedures (PPP), na binago (12/19), ay muling nagpapatunay na dapat tiyakin ng California LEA ang pagsunod sa SB 54. Alinsunod sa CLETS PPP, dapat sumunod ang mga LEA ng California sa SB 54 at hindi maaaring magbahagi ng impormasyon sa hindi kriminal na kasaysayan sa loob ng mga database na na-access sa pamamagitan ng CLETS para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon, maliban sa mga layuning naaayon sa 8 USC § 1373 at § 1644. (CLETS PPP, 1.6.1 (D)(2)(f).)

**3. KARAGDAGANG MGA SANGGUNIANG MATERYAL**

Sa pagpapatuloy, habang ina-access ng iyong ahensya ang mga pag-download ng file ng CA DOJ o iba pang impormasyon sa pamamagitan ng CLETS, hinihikayat kang regular na suriin ang iyong mga patakaran at paggamit upang makatulong na matiyak na nasusunod ang lahat ng naaangkop na kinakailangan. Bukod pa sa mga sangguniang materyal, isinama ang mga sumusunod na mapagkukunan para rin sa iyong pagsasaalang-alang:

- **Ulat ng Auditor ng Estado ng California, 2019-118**
  "ALPRS: Para Mas Maprotektahan ang Privacy ng mga Indibidwal, Dapat Dagdagan ng Tagapagpatupad ng Batas ang mga Pag-iingat Nito sa Data na Kinukuha nito"
  https://www.auditor.ca.gov/reports/2019-118/index.html

- **DOJ Information Bulletin, 18-10-CJIS**
  "Gabay sa Database ng Values Act ng California"
  https://oag.ca.gov/sites/all/files/agweb/pdfs/info_bulletins/18-10-cjis.pdf

- **California Law Enforcement Telecommunications System, (CLETS), Policies, Practices and Procedures (PPP), binago (12/19)**
  https://clew.doj.ca.gov/system/files/publications/clets-ppp.pdf

- **DOJ Information Bulletin, 2023-DLE-06**
  "Gabay ng Data sa Automated License Plate Reader ng California"
  https://oag.ca.gov/info-bulletins

Para sa mga tanong tungkol sa Information Bulletin na ito, makipag-ugnayan sa Client Services Program sa dojcsp@doj.ca.gov.

Taos-puso,

Veronica Gilliard

VERONICA GILLIARD, Hepe/CIO
California Justice Information Services Division

Para kay ROB BONTA
Attorney General